

Election Law and the 2025 Elections

20 Topics - 40 Updates



UMAAGOS ANG PAG-ASA



Atty. Alberto C. Agra

Law Professor and Bar Reviewer, Election Law,
Local Government Law and Administrative Law

Advocate, Election Law-for-All

Author, Ballot Unboxed Newsletter

Host, Batas et AL – 2025 Election Series

Former Public Servant, Acting Secretary of Justice,
Acting Solicitor General, Government Corporate Counsel
and Chairman of the Philippine Reclamation Authority

27 February 2025



Tama o Mali

1. Meron ng kandidato para sa Mayor sa Pasig City ngayon.
2. Ang mga Department Heads, at Job Order at Contract of Service Workers ng Pasig ay maaaring mangampanya.
3. Ang mga botante puede mag-display ng 5' x 10' tarpaulin sa kanilang bahay.
4. Puede mag-donate ang mga kandidato.
5. Puede mamigay ng t-shirts sa panahon ng kampanya.



1. Suffrage

Dati, ang pagboto ay obligasyon. Puede kang makulong kung hindi ka boboto. Ngayon, ang pagboto o hindi pagboto ay isang **karapatan**.



1. Suffrage

Sa araw ng halalan, ang isang botante ay puedeng ma-**challenge** kung hindi siya rehistrado o dahil binenta nya ang kanyang boto.



2. Regular Elections

Sa ating bansa, meron 3 antas ng mga halal na opisyal – National, Regional at Local. Meron 3 halalan na gaganapin ngayong taon.



2. Regular Elections

Ang halalan ay **regular** na dapat mangyari. Maaari lang siyang **i-postpone** kung meron batas at meron lehitimong dahilan.



3. **Aspirants and Candidates**

Wala pang kandidato sa Pasig City. **Aspirante** pa lang ang mga nag-file ng Certificate of Candidacy sa ngayon.



3. Aspirants and Candidates

Dahil wala pang lokal na kandidato ngayon, wala pang **vote-buying**. Hindi pa kailangan sumunod sa mga **panuntunin** ukol sa mga kandidato.



4. Incumbents

Ang isang **Mayor** na tatakbob bilang **Senador** ay **hindi** tinuturing na **resigned** sa kanyang posisyon.



4. Incumbents

Ang isang **Department Head** ng lungsod o pamahalaan na tatakbo sa halalan ay tinuturing na **resigned** sa araw ng pag-file nya ng Certificate of Candidacy.



5. Qualifications

Ang nga kwalipikasyon ng mga National at Local ng halal na opisyal ay nasa **Saligang Batas at 1991 Local Government Code.**



5. Qualifications

Maaaring sabihin ng Kongreso na dapat **high school graduate** ang mga local na opisyal na ating ihahalal.



6. Disqualifications

Maaaring mag-deklara na isang **nuisance**/ panggulo ang isang aspirante/ kandidato, **mag-kansela** ng Certificate of Candidacy at **mag-diskwalipika** ng isang kandidato ang COMELEC.

6. Disqualifications

Kung sakaling merong kaso ang isang aspirante/ kandidato at **walang pinal na desisyon** bago maghalalan, at siya ay **nanalo**, siya ay **matatanggal sa puwesto** kung magkaroon ng pinal na desisyon habang siya ay naka-upo.



7. Substitution

Mula ngayon hanggang sa May 12, ang isang kandidato na nominado ng isang Partido ay maaaring palitan kung siya ay **mamamatay o madidiskwalipika** ng COMELEC.



7. Substitution

Puede ka maging kapital/
substitute kung kapareho mo
ang **last name** ng kandidato kahit
hindi kayo magkamag-anak, pero
dapat ikaw ay nominado ng
parehong **political party**.



8. Party-List System

Puede ako maging nominado o kinatawan ng isang **Women's Party** sa ilalim ng party-list system.



8. Party-List System

Kahit walang 2% ang makuhang boto ng isang party-list organization, maaari etong magkaroon ng kinatawan kung meron pang **available seats**.
Merong **63 seats** sa 2025.



9. Electoral Offices

Bukod sa **COMELEC**, ang mga **Korte, Electoral Tribunals** at mga **Ahensya ng Pamahalaan** ay meron ding responsibilidad sa halalan.



9. Electoral Offices

Para sa Election Offenses,
maaaring maghain ng reklamo
sa **COMELEC Law Department**
o sa mga **Prosecutors**.



10. Campaign by Public Officials

Maaaring mangampanya ang mga **Elective Officials** pero ang mga **Appointive Officials**, maliban sa mga **Cabinet Secretaries**, hindi puede. Ang mga **Job Orders** at **Contract of Service Workers** puede.



10. Campaign by Public Officials

Bagamat maaaring mangampanya ang mga Local Elective Officials, hindi nila puedeng gamitin ang mga **resources/ pasilidad/ pondo** ng LGU para sa kanilang kampanya.



11. Campaign by Voters

Hindi kailangan sumunod ang isang botante sa mga regulasyon ng kampanya katulad ng 2' x 3' para sa **posters**, 3' x 8' para sa **rally streamers** at 8.5''W x 14''L para sa **printed materials**.



11. Campaign by Voters

Ang ordinaryong mamamayan ay maaaring mangampanya sa **social media** at hindi nya kailangan ipa-rehistro ang kanyang account sa COMELEC.

12. Campaign

Ang kampanya ay para sa **ika-papanalo o ikaka-talo** ng isang kandidato. Bawal ang libelo, cyber-libel, pananakot o fake news sa loob at labas ng campaign period.



12. Campaign

Lahat ng campaign rallies ay dapat merong **permit** mula sa lungsod o bayan. Isa lang ang dahilan para mag-deny ng permit.



13. Tri-Media Campaign

Maaaring mangampanya gamit ang **TV** (60 minutes), **radio** (90 minutes), at **dyaryo/ tabloid** (1/4 o 1/2 page) para sa mga local na kandidato.



13. Tri-Media Campaign

Hindi kasama sa limitasyon sa tri-media ang masama sa **news**.



14. Billboards and Gadgets

Puede na ang billboards sa panahon ng kampanya. **Walang size limit** pero meron limitasyon sa tagal at distansya.



14. **Billboards and Gadgets**

Puede rin ang t-shirts at mga gadgets pero kailangan ng **pahintulot** mula sa COMELEC.



15. Public Funds

Bawal maglabas ng public funds para sa **public works, social services at housing-related projects** mula March 28 maliban na lamang kung meron pahintulot sa COMELEC.



15. Public Funds

Kahit walang pahintulot sa COMELEC, puede maglabas ng public funds para sa **kalamidad**.



16. Election Offenses

Bawal na magdala ng **baril**, mag-**suspend** ng local elected official at mag-**transfer/ detail** ng government employees dahil nasa Election Period na tayó.



16. Election Offenses

Mula **March 28** para sa local na eleksyon, bawal na ang Vote-Buying, pag-hire ng maraming Job Order at Contract of Service Workers para sa kampanya, Fund-Raising, pagbigay ng donasyon, pamimilit ng kawani, pamimigay ng libreng pagkain at inumin sa mga rallies, at mag-promote sa gobyerno.



17. Expenditures

Puedeng gumastos ang mga **kandidato at partido pulitikal** para sa kanyang HQ, staff, campaign materials, pollwatchers at advertisements.

17. Expenditures

Ang isang kandidato para sa Mayor na nominado ng isang Partido ay maaari lamang gumastos ng **P1.5M** sa panahon ng kampanya kung ang bilang ng botante sa lungsod ay **500,000**.



18. Voting Hours

Ang Regular voting hours sa
May 12 ay mula **7:00 a.m.**

hanggang **7:00 p.m.**, pero ang
mga seniors at PWDs, puedeng
bumoto mula **5:00 a.m..**




18. Voting Hours

Sa May 12, **bawal** ng mangampanya, magbenta ng alak, magbukas ng booths, at magpa-sabong.

19. Automated Counting Machine


Shading ng oval ang pagboto. Ang ACM ay merong **malaking screen** at puede mong ma-check kung sino ang mga binoto mo. Botante ang maglalagay ng **balota** sa ACM.



19. Automated Counting Machine



Meron ding resibo/
Voter-Verified
Paper-Audit Trail
(**VVPAT**) na ilalabas
ang ACM.





20. Canvass and Proclamation

Merong 30 na printed Election Returns na merong QR Codes. Ang transmitted results ang basehan ng proklamasyon.



20. Canvass and Proclamation

COMELEC en banc ang magpro-proclaim para sa **Senador at Party-List at City Board of Canvassers** naman para sa **Pasig** local officials.

 www.albertocagra.com

 09175353823

 alberto agra

 attyagra

 alberto.c.agra@gmail.com

Thank you.



<http://ballotunboxed.com/subscribe>

